Maghandang Bumoto California:
Isang Gabay sa Pagboto sa California Para sa 2020 Presidential Election

Ang mga botante ng California ay may mga pagpipilian sa pagboto ngayong taglagas. Dahil sa kasalukuyang pandemya, bawat aktibong nakarehistrong botante ay makatatanggap ng balota sa koreo pero makapipili silang bumoto ng personal o bumoto sa pamamagitan ng koreo (o tinatawag na vote by mail). Gamitin ang gabay na ito sa paghahanda sa pagboto.

Magparehistro para makaboto o Alamin ang inyong istatus ng rehistro bilang botante. registertovote.ca.gov

Kailangang nakarehistro kayo para makaboto. Maaari kayong magparehistro sa wikang Espanyol, Intsik, Hindi, Hapones, Khmer, Korean, Filipino, Thai, at Vietnamese. Kung kayo ay rehistrado na, alamin at tiyakin na ang inyong istatus ay aktibo, at ang inyong address at mga nais ay tama. Maaari ninyong hilingin na ang inyong balota at mga materyales pangeleksyon ay nasa nais ninyong wika. Tandaan na magparehistro bago o sa Oktubre 19 para makaboto. Upang makapagparehistro para makaboto pagkalampas ng Oktubre 19, kontakin ang opisina ng inyong County Elections upang malaman ang mga opsyon sa pagpaparehistro para makaboto at sa pagboto ng personal o mula sa inyong mga tahanan.

Magpalista upang masubaybayan ang inyong balota. WheresMyBallot.sos.ca.gov

Alamin kung ang inyong balota ay naipadala na sa inyo, at kapag natanggap ito ng opisina ng County Elections at nabilang na ang inyong balota. Magpalista upang makatanggap ng mga notipikasyon sa pamamagitan ng email, text o tawag.

Bumoto ng maaga. Alamin kung saan maaaring pumunta. caearlyvoting.sos.ca.gov

Bumoto bago ang Araw ng Eleksyon. Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang mga balota sa lahat ng botante sa linggo ng Oktubre 5 at makapipili kayong bumoto mula sa inyong mga tahanan o bumoto ng personal sa lugar ng botohan.

Kumpletuhin ang inyong balota sa inyong tahanan pa lamang

Isara ng mabuti, pirmahan at lagyan ng petsa ang envelop ng inyong botong balota. Di kailangan ng anumang selyo. Ibalik ito sa pinakamaagang panahon na posible. Maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa sumusunod na mga paraan:

- **United States Postal Service.** Ihulog ito sa mailbox o sa anumang post office. Ang mga balota ay kailangang may tatak ng post office na Nobyembre 3, Araw ng Eleksyon at matanggap ito ng opisina ng county election ng Nobyembre 20.
- **Drop Box para sa mga Balota.** Maraming mga county ang may mga ballot box na sinigurado at nasa mga kombinyenteng lokasyon sa buong county. Maghanap ng lokasyon.
- **Lugar ng personal na pagboto.** Ihulog ito sa anumang lugar ng personal na botohan sa inyong county. Ang petsa at oras ay nagiibaiba sa mga county. Maghanap ng lokasyon.
- **Pinagkakatiwalaang Tao.** Maaari din ang inyong kaibigan o isang myembro ng inyong pamilya ang maghulog ng balota para sa inyo. Sundin ang instruksyon na nasa envelop para maitalaga ang taong ito.

Pagboto ng Personal

Future of CALIFORNIA ELECTIONS

Maghandang Bumoto California:
Isang Gabay sa Pagboto sa California Para sa 2020 Presidential Election



Maraming mga county ang nagaalok ng mga oportunidad para makaboto ng maaga. Ang mga lokasyon ng botohan ay maaaring i-update sa darating na mga linggo. Alamin kung saan kayo maaaring pumunta sa pamamagitan ng pagkonsulta sa County Election Office website: Bumisita sa isang llugar ng botohan para:

- bumoto sa mga accessible voting machine
- makatanggap ng tulong sa mga wikang maaaring magamit sa inyong county
- Magparehistro at bumoto sa parehong araw
- Makakuha ng kapalit na balota

O Bumoto sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3. sos.ca.gov/elections/polling-place

Bumoto ng personal sa Araw ng Eleksyon. Alamin kung saan pwede makaboto. Magbubukas ang mga lokasyon ng 7 a.m. hanggang 8 p.m.. Maaari kayong makaboto kung kayo an nakalinya na bago mag alas 8 ng gabi. Magsuot ng panakip sa mukha at panatilihin ang inyong distansyang pisikal. May mga poll worker na handang tumulong sa inyo.

Karagdagang Impormasyon:

Remote Accessible Vote by Mail `

Nahahayaan ng *Remote Accessible Vote by Mail* na magamit ng mga botanteng may kapansanan ang kanilang mga pantulong na teknolohiya sa kanilang mga tahanan upang mabasa at markahan ang kanilang balota. Para sa Presidensyal na eleksyon ng 2020 maraming mga county ang naghahanda ng RAVBM para maging available sa lahat ng mga botante na kakailanganin ito dahil sa mga di inaasahang mga karamdaman o iba pang mga sirkumstansya. Para sa karagdagang kaalaman, kontakin ang Opisina ng Eleksyon sa sos.ca.gov/county-elections-offices.

Humingi ng Tulong

- Kontakin ang opisina ng inyong County Election para masagot ang lahat ninyong mga katanungan ukol sa pagboto sa sos.ca.gov/county-elections-offices.
- Alamin ang inyong mga karapatan bilang botante sa California. Bisitahin ang sos.ca.gov/elections/voter-bill-rights.
- Maraming mga county ang nagbibigay ng tulong sa ibang wika bukod sa Ingles. Kontakin ang inyong County Election Office para sa tulong sa inyong sariling wika.
- Ang California Secretary of State ay nagpapatakbo rin ng mga hotlines sa mga wikang Ingles, Espanyol, Intsik, Hindi, Hapones, Khmer, Korean, Filipino, Thai, at Vietnamese. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin lamang ang sos.ca.gov/elections/voting-resources/voting-california/voter-hotlines.

(800) 345-VOTE (8683) – English
(800) 232-VOTA (8682) - español / Spanish
(800) 339-2857 - 中文 / Chinese
(888) 345-2692 - हिन्दी / Hindi
(800) 339-2865 - 日本語 / Hapon
(888) 345-4917 - ខ្មែរ / Khmer
(866) 575-1558 - 한국어 / Korean
(800) 339-2957 - Filipino
(855) 345-3933 - ภาษาไทย / Thai
(800) 339-8163 - Việt ngữ / Vietnamese
(800) 833-8683 – TTY/TDDs

Future of CALIFORNIA ELECTIONS